

## Serbisyo sa Pagpapayo at Impormasyon na Coronial (Coronial Counselling and Information Service)

Ang Coroner's Court ng Western Australia (Coroner's Court) ay may serbisyo sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa coronial na proseso.

Ang kawani sa Coronial Counselling at Information Service ay makakatulong sa:

- Pagkakaintindi mo sa ginagampanang papel ng Coroner;
- Pagpapaliwanag tungkol sa coronial na proseso pati na kung ano ang mangyayari kung tumanggi ka sa isang panloob na post mortem na pag-iiksamin; at
- Mga pagrerekomenda sa mga serbisyo ng pagpapayo sa pagdadalamhati at pagkawalan ng minamahal.

Mangyaring tawagan ang Coroner's Court sa oras ng may opisina at hilingin na makausap ang Opisyal ng Pagpapayo at Impormasyon ng Coroner (Coronial Counselling and Information Officer).

## Pinakamatanda sa kamag-anakan

Bilang bahagi ng coronial na proseso, ang pinakamatanda sa kamag-anakan ay may ilang mga karapatan. Ang pinakamatanda sa kamag-anakan ay ang unang tao na naririyang (matatawagan agad sa maikling panahon) mula sa mga sumusunod na mga nakalintang tao ayon sa pagkaprayeridad:

- ang taong kasama sa bahay ng taong namatay bago nangyari ang pagkamatay at alinman sa;
  - legal na kasal sa taong namatay; o kaya
  - may edad na 18 taon o higit pa at bilang mag-asawahan ang relasyon sa taong namatay;o kaya
- ang isang tao na legal na ikinasal sa taong namatay bago pa nangyari ang pagkamatay; o
- isang anak na lalaki o babae ng taong namatay na may edad 18 taon o higit pa; o kaya
- isang magulang ng taong namatay; o kaya
- isang kapatid na lalaki o babae ng taong namatay na edad 18 taon o higit pa; o
- isang tagapagtupad (executor) na nakapangalan sa huling habilin (will) ng taong namatay o isang personal na kinatawan ng taong namatay bago pa nangyari ang pagkamatay; o
- sinumang tao na ninombrahan ng taong namatay na dapat tawagan sa panahon ng dagliang pangangailangan.

## MATATAWAGAN

### Coroner's Court ng Western Australia

Department of Justice  
Central Law Courts  
Level 10, 501 Hay Street  
PERTH WA 6000

Mga oras ng may opisina	8:30 ng umaga – 4:30 ng hapon Lunes – Biyernes
Telepono	(08) 9425 2900
Fax	(08) 9425 2901
Mga tumatawag sa kabukiran (country callers)	1800 671 994
Website	<a href="http://www.coronerscourt.wa.gov.au">www.coronerscourt.wa.gov.au</a>
Email	<a href="mailto:coroner@justice.wa.gov.au">coroner@justice.wa.gov.au</a>

### Western Australia Police Force Coronial Investigation Squad

Telepono (08) 9267 5700  
Magagamit ng 24 oras, 7 araw sa buong linggo

## MGA SERBISYO NG SUPORTA

### Lifeline

Website [www.lifeline.org.au](http://www.lifeline.org.au)  
Telepono 13 11 14

### Griefline

Website <https://griefline.org.au>  
Telepono 1300 845 745

### Trauma and Grief Network

Website <http://tgn.anu.edu.au/reso>

### Services Australia

Website [www.servicesaustralia.gov.au](http://www.servicesaustralia.gov.au)



Government of Western Australia  
Department of Justice

# Kapag ang Tao ay Biglang Namatay

*Impormasyon para sa mga pamilya*

## Sino ang Coroner?

Ang Coroner ay isang hukom (judicial officer) na dapat pasasabihan kung may naganap na pagkamatay na kailangang iulat. Kabilang dito ay kung namatay ang tao sa mga sitwasyong di-inaasahan, di-natural, marahas o dulot ng pagkapinsala, o kung ang tao ay nakalagay sa pangangalaga.

Sa oras na natanggap ang ulat na may namatay, kalimitang manggagaling sa pulisya, mga doktor o mga may kapangyarihan sa ospital, ang Coroner ang may legal na pagkontrol sa katawan ng taong namatay at dapat na tukuyin:

- Ang mga sitwasyon na humantong sa pagkamatay;
- Paano nangyari ang pagkamatay;
- Ang dahilan ng pagkamatay;
- Ang mga natatanging bagay na kinakailangan sa pagrerehistro ng pagkamatay.

## Maaari ko bang makita ang taong namatay?

Sinumang mga kamag-anakan ng taong namatay ay maaaring makita ang bangkay. Isasaayos na dalhin sa morge (mortuary) ang namatay na tao para doon maaaring makita pa.

Maaaring mahawakan ang katawan maliban kung nagdesisyon ang Coroner na hindi dapat o mapanganib.

Sa Perth, maaaring magsagawa ng mga pagsasa-ayos sa pamamagitan ng pagtawag sa Morge ng Estado (State Mortuary) sa (08) 6383 4884 o sa mga oras na walang opisina sa (08) 6457 2536.

Sa mga lugar ng kabukiran (country area), tawagan ang lokal na istasyon ng pulisya o Korte ng Coroner (Coroner's Court) sa (08) 9425 2900

## Dapat ba akong tumawag ng punerarya?

Maaari kang tumawag ng punerarya na iyong nagugustuhang gamitin pagkatapos na mamatay ang tao, na hindi na hihintayin ang Coroner na ipalabas (release) ang bangkay.

Tatawagan ng iyong punerarya ang Coroner Court para sa iyo upang maisaayos sa pinakamadaling panahon ang pagpalabas at petsa ng pagpapalibing. Kapag naipatapos na ang pagsusuri matapos mamatay (kung ilalapat) at pag-identipika sa tao, ang katawan ng namatay na tao ay ididiskargo sa puneraryang pinili mo.

## Ano ang matapos mamatay (post mortem) na pag-iiksamin?

Ang post mortem (matapos mamatay) ay isang paraan sa pagkakaalam (kung posible) at pag-uulat sa naging dahilan ng pagkamatay.

Kabilang dito ang panlabas at/o panloob na pag-iiksamin sa taong namatay. Ang ilang himamay at sampol ng dugo ay kalimitang kinukuha at gagamitin sa pagsusuri sa laboratoryo.

Pagkatapos ng post mortem, maingat na ibabalik ang katawan sa orihinal na kalagayan hangga't maaari.

Sa karamihang mga kaso, ang katawan ng patay ay idinidiskargo kaagad matapos ang pag-iiksamin para maipalibing o maipasunog (cremation).

Sa ilang mga kaso, maaaring kinakailangang itabi ang mga bahagi ng katawan (organs) para sa karagdang pag-iiksamin. Ang ganitong bagay ay dapat isaalang-alang sa pagpapasya ng araw ng pagpalibing.

Ang impormasyon tungkol sa pagtatabi ng bahagi ng katawan pagkatapos ang post mortem ay makukuha sa Serbisyo sa Coronal na Pagpapayo at Impormasyon (Coronial Counselling and Information Service).

Ang pinakamatanda sa kamag-anakan\* ay maaaring humiling ng gusto nilang gamiting doktor na magmasid sa pag-iiksamin ng katawan.

## Ano ang aking mga karapatan?

### (a) Maaari kang tumanggi sa isang panloob na post mortem na pag-iiksamin.

Maliban kung magpasya ang Coroner na kailangang ganapin kaagad ang post mortem na pag-iiksamin, ang pinakamatanda sa kamag-anakan\* ay maaaring tumanggi sa isang panloob na post mortem na pag-iiksamin.

### (b) Maaari kang mag-apply ng isang panloob na post mortem na pag-iiksamin.

Sa ilang mga kaso, ang Coroner ay maaaring magdesisyon na hindi na kailangan ang isang panloob na post mortem na pag-iiksamin. Kung ang Coroner ay may hurisdiksyon, sinumang tao ay maaaring humiling ng pagsasagawa ng isang panloob na post mortem na pag-iiksamin sa bangkay.

## Kailan ako dapat tumanggi o mag-a-apply?

Ang isang pagtanggi o pag-a-apply para sa isang panloob na post mortem na pag-iiksamin ay dapat isalang kaagad sa lalong madaling panahon.

Ang mga pagtanggi para sa isang panloob na post mortem na pag-iiksamin ay isasaalang-alang ng Coroner sa anumang oras bago magsimula ang pag-iiksamin.

Ang mga aplikasyon para sa isang panloob na post mortem na pag-iiksamin ay dedesisyunan ng Coroner sa anumang oras bago pa ipalabas (release) ang bangkay.

Ang pinakamaikling oras para sa pagsisimula ng post mortem na pag-iiksamin ay nakadepende sa ilang mga praktikal na dahilan kabilang na ang lugar ng kinamatayan at araw ng kinalingguhan nang ibinigay itong polyeto.

*\*kahulugan ay nasa kabilang panig ng polyeto*

Ang isang panloob na post mortem na pag-iiksamin para sa mga pagkamatay na nasa mga rehiyon ng Kimberley at Pilbara ay maaaring hindi magsimula hanggang makalipas ang 72 na oras na maibigay ang polyeto para maglaan ng oras na makontak ang pinakamatanda sa kamag-anakan at ang malayong paglalakbay.

Sa ibang kabukirang mga rehiyon at kalunsuran ng Perth, ang oras ay mas maikli, ngunit sa bawat kaso, papayagan nang hindi bababa sa 24 oras para maisalang ang mga pagtanggig at hindi gagawin ang post mortem na pag-iiksamin sa mga araw ng sabado't linggo at mga araw na pampublikong pista opisyal.

Para magsagawa ng isang pagtanggig o aplikasyon para sa isang panloob na post mortem na pag-iiksamin, tawagan ang Coroner's Court sa (08) 9425 2900 sa mga oras ng may opisina o ang Western Australia Police Force Coronal Investigation Squad sa mga oras ng walang opisina sa (08) 9267 5700.

Bago magpasya para tumanggi sa isang panloob na post mortem na pag-iiksamin, mahalagang pag-isipan kung mayroong mga pag-aalala tungkol sa mga pangyayari ng pagkamatay.

Kung nais mong tumanggi sa isang panloob na post mortem na pag-iiksamin, huwag magtalaga ng petsa para sa pagpalibing dahil ang proseso ng pagtanggig ay maaaring magtagal

## Ang ulat ng Coroner

Susulat ang Coroner sa pinakamatanda ng kamag-anakan at iba pang kamag-anakan tungkol sa mga resulta ng post mortem na pag-iiksamin.

Ang pinakamatanda ng kamag-anakan at iba pang kamag-anakan ay maaabisuhan tungkol sa resulta ng imbestigasyon ng Coroner.

## Ang donasyon ng bahagi ng katawan at himaymay

Ang pinakamatanda ng kamag-anakan ay maaaring magbigay ng pagpayag sa pagdonasyon ng bahagi ng katawan at himaymay, kung ang taong namatay ay hindi nagsabi ng kahilingang magdonasyon.

Maaari kang tawagan ng isang nagsasa-ayos sa pagdonasyon mula sa DonateLife WA para pag-usapan ang posibilidad ng pagdonasyon ng bahagi ng katawan at himaymay. Mangyaring sabihin sa pulisya o kawani ng coroner kung ayaw mong tawagan ka ng nagsasa-ayos ng pagdonasyon.

Kung nais mong pag-usapan ang tungkol sa pagdonasyon ng bahagi ng katawan at himaymay, maaari mong tawagan ang on-call donor coordinator sa Sir Charles Gairdner Hospital sa (08) 6457 3333 (24 na oras, 7 araw ng buong linggo).